Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

JUBILEE 2025 PILGRIMS OF HOPE

# PATNUBAY SA MISA

5 Oktubre 2025 | Ika-27 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

## Sa Gabay ng Liwanag ng Pananampalataya at Pagpapakumbaba



*Ngayon ang unang Linggo sa Buwan ng Santo Rosaryo at ng mga Misyon. Sa buwang ito, tinatawagan tayong ipagdasal ang paglago ng ating pananampalataya, lalo't ang pananampalataya ay kaloob ng Diyos at isa nating pananagutan.*

*Dahil sa pananampalataya, natatanggap natin nang buong kababaang-loob ang mga nakalulungkot na pangyayari na di natin maunawaan. Dahil din dito, nagsusumikap tayo sa paggawa ng mabuti kahit na di natin makita ang inaasahang bunga. Pananampalataya rin ang nagpapasigla sa mga misyonero upang ihatid ang ilaw ng Mabuting Balita sa mga di pa nakakikilala kay Kristo. Pananampalataya ang nagbubuklod sa atin ngayon upang mag-alay ng Eukaristiya bilang papuri sa Diyos at para sa kabutihan ng sangkatauhan. Kasama ng mga alagad ni Hesus, manalangin tayo: "Panginoon, dagdagan po ninyo ang aming pananalig sa Diyos!"*

## PASIMULA

### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Dahil sa 'yong kalooban**
**na hindi malalabanan,**
**sanlibuta'y umiiral.**
**Langit, lupa'y 'yong kinapal.**
**Diyos ka ng sanlibutan.**
***(Es 3, 9, 10-11)***

### Pagbati

***P*** –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*** –Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayo sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo.

*(Manahimik sandali.)*

***P*** –Diyos ka namin at tanging simulain ng pawang kabutihan, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Aming Ama at bukal ng di malirip na kaluwalhatian. Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** **–Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** –Tanging dahilan at kadluan ng wagas at walang maliw na pag-asa, Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** **–Amen.**

### Papuri

***B*** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**Panalanging Pambungad**

***P*–** Ama naming makapangyarihan, ang iyong dakilang pagkamaawain ay nangingibabaw sa aming ginagawang kabutihan at idinadaing na mga kahilingan. Ang kagandahang-loob mo sa amin ay gawin mong mag-umapaw upang ang kasalanang ipinangangambang ihingi ng kapatawaran ng budhi naming takot na ikaw ay lapitan ay iyong patawarin nang lubusan at ang ipinag-aalangan naming hilingin sa pagdarasal ay iyong pagbigyang aming makamtan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Hab 1,2-3;2,2-4***

*Ang tila walang habas na kapalaluan at lupit ng mararahas ay mahigpit na pagsubok sa pananampalataya. Ano mang pagkaantala ng Diyos sa pagsupil sa gayong mga pagmamalabis ay waring di matiis ng mga nananalig sa Kanyang katarungan at kapangyarihan. Sa Kanyang sagot kay Habacuc, tinitiyak ng Panginoon na lahat ay maaayos sa takdang panahon.*

***L*–**Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Habacuc

**Panginoon, hanggang kailan ako daraing sa iyo, at di mo diringgin? Hanggang kailan mo babayaang mamayani ang karahasan? Bakit ang ipinakikita mo sa akin ay pawang kasamaan at kahirapan? Sa magkabi-kabila'y nagaganap ang pagwasak at ang karahasan; laganap ang hidwaan at pagtatalo.**

**At ito ang tugon ng Panginoon: "Isulat mo ang pangitain; isulat mong malinaw sa mga tapyas ng bato, upang madaling mabasa at ibalita sa lahat. Sapagkat hindi pa dumarating ang takdang panahon upang maganap ang pangitain; mabilis na dumarating ang wakas – hindi ito maliliban. Ngunit tiyak na magaganap, kung ito ma'y nagtatagal. Masdan mo, ang hambog ay mabibigo sa kanyang kapalaluan, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa kanyang katapatan."**

Ang Salita ng Diyos.

***B*– Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan** ***Awit 95***

***B*–*Panginoo'y inyong dinggin, huwag n'yo s'yang salungatin.***

*R. M. Velez*




* **Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, siya ay awitan, ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan. Tayo ay lumapit, sa kanyang harapan na may pasasalamat, siya ay purihin, ng mga awiting may tuwa at galak. *B.***

* **Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang, lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati'y lumalang. Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang, mga tupa tayong inaalagaan. *B.***

* **Ang kanyang salita ay ating pakinggan: "Iyang inyong puso'y huwag patigasin, tulad ng ginawa ng inyong magulang nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa. Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang, bagamat nakita ang aking ginawang sila'ng nakinabang." *B.***

**Ikalawang Pagbasa**

***2 Tim 1,6-8.13-14***

*Narito ang ilan sa masisiglang pampalakas-loob ni Pablo sa kanyang alagad na si Timoteong hinirang niyang maging obispo ng Efeso. Tunay na dakila ang bunga ng Espiritu, di lamang sa mga obispo at pari, kundi sa lahat ng nagpapaalab sa gayong handog.*

***L*–**Pagbasa mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo kay Timoteo

**Pinakamamahal ko, ipinaaalaala ko sa iyo na maging masigasig ka sa pagtupad sa tungkuling tinanggap mo sa Diyos nang ipatong ko ang aking mga kamay sa ulo mo.**

**Sapagkat hindi espiritu ng kaduwagan ang ibinigay sa atin ng Diyos kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at pagpipigil sa sarili. Kaya't huwag mong ikahihiya ang pagpapatotoo tungkol sa Panginoon o ang aking pagkabilanggo dahil sa kanya. Sa halip, makihati ka sa kahirapan dahil sa Mabuting Balita.**

**Gawin mong batayan ang mga aral na itinuro ko sa iyo yamang ang mga ito'y pawang katotohanan. Manatili ka sa pananampalataya at sa pag-ibig na tinanggap natin sa pakikipag-isa kay Kristo Hesus. Sa tulong ng Espiritu Santong nananahan sa atin, ingatan mo ang lahat ng ipinagkatiwala sa iyo.**

Ang Salita ng Diyos.

***B*– Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***1 Ped 1, 25***

***B*–Aleluya! Aleluya!**
**Balita sa inyo ngayo'y salita ng Panginoong iiral habang panahon.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 17, 5-10***

*Kapag may ginagawa tayo para sa Panginoon, huwag akalaing ginagawan natin Siya ng pabor, pagkat mapamamahalaan Niyang mahusay ang daigdig, kahit wala tayo. Bagkus, dahil lamang sa Kanyang "tiwala" kaya tayo tinututulutang makiisa sa Kanyang gawain. Kung tunay ngang matatag ang ating pananampalataya, dapat tayong magpasalamat sa halip na umasa ng gantimpala.*

***P*–** Sumainyo ang Panginoon.

***B*–At sumaiyo rin.**

***P*–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B*– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ng mga apostol sa Panginoon, "Dagdagan po ninyo ang aming pananalig sa Diyos!" Tumugon ang Panginoon, "Kung maging sinlaki man lamang ng butil ng mustasa ang inyong pananalig sa Diyos, masasabi ninyo sa puno ng sikomorong ito, 'Mabunot ka, at matanim sa dagat!' at tatalima ito sa inyo.**

**Ipalagay nating kayo'y may aliping nag-aararo, o nagpapastol kaya ng tupa. Pagkagaling niya sa bukid, sasabihin ba ninyo sa kanya, 'Halika at nang makakain ka na'? Hindi! Sa halip ay ganito ang sinasabi ninyo: 'Ipaghanda mo ako ng hapunan; magbihis ka, at silbihan mo ako habang ako'y kumakain. Kumain ka pagkakain ko.'**

**Pinasasalamatan ba ang alipin dahil sa ginawa niya ang iniutos sa kanya?**

**Gayon din naman kayo; kapag nagawa na ninyo ang lahat ng iniutos sa inyo, sabihin ninyo, 'Kami'y mga aliping walang kabuluhan; tumupad lamang kami sa aming tungkulin.' "**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

***B*–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

***P*–**Bilang pagtalima sa hamon ng Panginoong lumago tayo sa pananampalataya, at hatid ng pagtitiwala sa Kanyang mahabaging pag-ibig, idulog natin ang ating mga kahilingan:

***B*–Panginoon, pagtibayin Mo ang aming pananampalataya.**

* Para sa Inang Simbahan, ang katipunan ng mga tapat na sumasampalataya sa buong daigdig: nawa'y patnubayan Siyang lagi ng pananalig na nakatuon sa kalinga ng Diyos, sa kabila ng mga mahirap maunawaang mga pangyayari sa buhay. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga obispo, at mga pari: nawa'y patuloy silang maging inspirasyon natin sa kanilang matatag na pananampalataya at pagsisikap para sa kabutihan ng mga inihabilin sa kanilang pangangalaga. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga nanghihina dahil sa sakit o malalaking pagkabigo: nawa'y palakasin sila ng kanilang pananalig sa masuyuing Diyos tungo sa pagpapanibagong buhay. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng misyonero: nawa'y hindi sila panghinaan ng loob sanhi ng kawalang pagpapahalaga sa kanilang pagsisikap, kundi patuloy na magtiwala sa Panginoong tanging nakababatid sa takdang oras ng pamumunga ng lahat ng kanilang gawang mabuti. Manalangin tayo. ***B.***

***P*–**Panginoon, sa Iyo ang larangan kung saan kami tinatawag para maglingkod, at sa Iyo rin ang lakas na kailangan namin upang kami'y mabungang makapaglingkod. Pagkalooban Mo kami ng kababaang-loob para tanggapin ito at ng lakas ng loob para magsikap sa paglilingkod sa Iyo. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

***B*– Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–**Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang paghahain ng mga alay na iyong inihabilin at sa pagdiriwang ng dapat naming ganapin, ang kabanalan ng iyong pagliligtas nawa'y sumaamin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen.**

### Prepasyo III

***P*–**Sumainyo ang Panginoon.

***B*–At sumaiyo rin.**

***P*–**Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B*–Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P*–**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B*–Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

***B*–Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**

***P*** – Hinihiling namin . . .
***B*** – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** – **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B*** – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang Panginoo'y dakila**
**sa kabutihan n'yang kusa**
**para sa nagtitiwala**
**sa kanyang habag at awa**
**na kanyang dulot sa madla.**
***(Pan 3, 25)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** – Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa pagsasalo namin sa pagkai't inuming banal, kami ay maging Katawan ni Kristo na aming pinakinabangan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*** – **Amen.**

## PAGWAWAKAS

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.
***B*** – **At sumaiyo rin.**

***P*** – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

– Manatili nawa kayo sa landas ng Panginoon at magpatuloy sa paggawa ng mabuti't tama hanggang inyong makamit ang pamanang makalangit.
***B*** – **Amen.**

***P*** – Mapag tiisan nawa ninyo ang kahirapan ng buhay at malampasan ninyo ang lahat ng uri ng pagsubok.
***B*** – **Amen.**

***P*** – Maging mapagkumbaba nawa kayo sa inyong tagumpay at lumigaya sa pakikipagtulungan sa Diyos.
***B*** – **Amen.**

***P*** – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B*** – **Amen.**

***P*** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B*** – **Salamat sa Diyos.**










WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# Nasaan ang Diyos?

*Kalakbay at Katoto*

*Agguanta* ang salitang kastila na sumasagi sa aking isipan sa pagninilay sa mga pagbasa sa linggong ito. Hindi lamang ito katumbas ng pagtitiis. **May kinalaman ito sa pagtitiis na may kahalong paghihintay. Parang may kaugnay ito sa kristiyanong pag-asa, ang paghihintay na may bahid ng pagtitiwalang ang hinihintay ay may kahihinatnan.**

**Panalangin ito ng mga taong, bagama't may panimdim na pasan sa balikat at laman ng puso, ay nakukuha pang tumaghoy at makiusap sa Diyos: "hanggang kailan, Panginoon?"** Ito ang panaghoy na malaon na nating natutunang sambitin. Ito ang panalanging laman na ng puso at isipan sa mula't mula pa … noong nakatikim ang bayan natin ng paulit-ulit na pagyurak sa ating dangal, sa ating kalayaan, at sa ating katalinuhan.

**Ito rin ang malaon na nating kahilingan sa Diyos …** Naghihintay pa rin tayo na maibsan ang talamak na kahirapan sa maraming dako ng bayan natin. Naghihintay pa rin tayo na makihalubilo ang bayan natin sa hanay ng mga bansang tinitingala ng buong mundo, dahil sa propesyonalismo, sa kaalaman, sa kapahaman, at sa kakayahan sa lahat ng larangan ng pakikipagtalastasan, komersyo, at produksyon.

**Hanggang kailan pa kaya, Panginoon, kami magtitiis sa patuloy na pagbulusok ng tiwala ng buong mundo sa ating bayan?** Hanggang kailan pa kaya tayo magtitiis sa patuloy na panlilibak ng ibang bansa sa dami ng kapalpakan ng mga namumuno sa atin? Hanggang kailan pa kaya titikisin ng buong mundo pati ang nakahihiyang kawalan ng pagtitiwala sa ating mga paliparan at ang seguridad sa nasabing paliparang internasyonal?

Mahaba ang listahan natin ng mga dahilan upang mag-agguanta.

**Sa araw na ito, tinutumbok ng Panginoon ang dagdag at wastong dahilan upang tayo ay matutong mag-agguanta.**

Una sa lahat, isang halimbawa ni Habakuk ang ipinamamalas sa atin. Sa kabila ng kanyang panaghoy, lumutang ang isang kabatirang siyang batayang matatag ng pagtitiis – ang katotohanang may Diyos na nagkakaloob ng gantimpala sa mga matuwid na nagtitiis: *"Masdan mo, ang hambog ay mabibigo sa kaniyang kapalaluan, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa kaniyang katapatan."*

**Pangako ng Diyos ang siyang batayan at dahilan ng pagtitiis ng taong sumasampalataya.**

**Ikalawa, isang paalaala ang pahatid ng Diyos sa atin sa pamamagitan ni Pablo**. Nguni't hindi lamang ito paalaala, kundi isa pang malinaw na halimbawa. Si Pablo, na siyang larawan ng pagtitiis, pag-asa, at sa malalim na paniniwalang ang lahat ay may kahulugan, at ang lahat ay may hangganan at katuturan … *"Maging masigasig sa pagtupad sa tungkuling tinanggap mo sa Diyos." "Manatili ka sa pananampalataya at sa pag-ibig na tinanggap natin sa pakikipag-isa kay Kristo Hesus."*

**Katigan at muog ng pagtitiis ang katotohanang may Diyos at sa katotohanang ang Diyos na ito ay Diyos ng pag-ibig**. Ang pag-ibig na ito ay pinatunayan mismo ni Hesus na kanyang Anak.

Alam natin lahat ito. Alam natin kung gaano kamahal tayo ng Diyos. Subali't sa mga sandali ng pighati at panaghoy ay kay dalin natin lumimot. Kay dali natin matangay ng kawalang pag-asa, at ng tampo o sama ng loob sa Diyos. May masamang nangyayari sa mga taong nagpapakabuti. Dahil sa kasalanan ng tao, nababalot ng hiwaga ng paghihirap ang buhay natin lahat. Ang kasakiman at katiwalian ay naghahatid ng matinding paghihirap sa buhay ng mga walang kinalaman sa masasamang nagaganap sa mundo. Limampu at pitong kataong walang kamalay-malay ang pinaslang para lamang mahawi ang oposisyon sa dinastia ng isang pamilya ng mga politicong ganid at halang ang kaluluwa.

Sa mga sandaling ito, malaking habag sa sarili ang sumasagi sa atin lahat. Walang sinuman ang dapat magdusa o karapat-dapat sa anumang paghihirap. Wala dapat sinumang tatangis dahilan sa katakawan ng ibang tao.

**Subali't dahilan sa misteryo ng kasalanan na bumalot sa kalikasang makatao, ang paghihirap ay naging bahagi ng buhay natin sa lupang bayang kahapis-hapis**.

**Ang ikatlong aral na lumulutang sa mga pagbasa ngayon ay ang tama o wastong tugon sa lahat ng uri ng pagdurusang sumasagi sa atin.** At ito ay ang kababaang-loob – ang kakayahang tumanggap anumang hindi katanggap-tanggap, ang pagtitiwalang anuman ang mangyari sa atin ay may katuturan, may kahihinatnan, may kahulugan. Sa sandaling ito, ang sumasagi sa aking isipan ay ang katotohanang ang payak at mababa ang loob, ay hindi kailanman maibabagsak pa sa lusak ng kawalang-dangal. Ang taong payak at mababa ang loob ay hindi napapahiya, hindi napapariwara. Nanatili sa kanyang puso at isipan ang katotohanang hindi makakatkat ninuman, at ng anuman sa kanyang pagkatao – ang angking dangal na kaloob ng Diyos sa lahat ng tao.

Ito ang dahilan kung bakit hindi suliranin ang paglilingkod, ang pagtupad sa tungkuling nakaatang sa balikat. Alam niya ang katotohanang muog at batayan ng kanyang dangal: "Kami'y mga aliping walang kabuluhan; tumupad lamang kami sa aming tungkulin."

Kung ito ang saloobin natin, matapang at matatag natin mapaninindigan ang panalanging bagama't puno ng panimdim at pagtangis ay puno rin ng mapagpalayang pag-asa: *"Hanggang kailan, Panginoon, kami daraing sa iyo, at di mo diringgin?"*

**Ito ang maka-kristiyanong pagtitiis, pagaaguanta … paghihintay at katiyakang pasasaan ba't at lilipas rin ang lahat?**